Seattle City Light
Light Reading pahayagan ng kustomer
Enero/Pebrero 2012

Mula sa superintendente

Matapos ang maraming taong mahirap na trabaho, ang Seattle City Light ay nagkaroon ng isang draft Strategic Plan. Ang plano ay makaaapecto sa inyo, na kustomer, sapagkat ito ay naglalarawan ng mga pamumuhunang imprastraktura, pagka-episyente ng enerhiya, alternatibong enerhiya, mga bayarin, pagka-maasahan at teknolohiya. Ito ay isang dokumentong gagabay sa mga operasyon ng utility sa susunod na anim na taon.

Patuloy kaming humihingi ng pampublikong opinyon tungkol sa plano.Umaasa ako na makakadalo kayo sa isa sa aming mga talakayan tungkol sa Strategic Plan. Hanapin ang iskedyul at mga lokasyon sa website na ito: http://www.seattle.gov/light/strategic-plan/. Gagawa kami ng aming mga rekomendasyon sa alkalde at Konseho ng Lunsod sa mga susunod na panahon ngayong tagsibol.

Isang paalaala na may mababang karagdagan sa bayarin ang ipatutupad sa buwang ito - 3.2 porsiyento. Ang average na buwanang pagtaas ay humigit-kumulang $1.67 para sa sa mga residensyal na kustomer.

Nasubukan ba ninyo ang aming mga bagong aplikasyon para sa mga smart phone? Ang isang anunsyo tungkol sa bagong serbisyong ito ay kasama sa iyong papel ng bayarin. Sa pamagitan ng paggamit ng isang mobile phone na may akses sa internet, maaari kayong magdownload ang mahalagang impormasyon kabilang ang mga detalye sa pagkakawala ng kuryente (http://m.seattle.gov/light). Ito ay isa pang paraan kung saan ang inyong Seattle City Light ay pinagsisikapang gawing mas madali para sa inyo ang kumonekta sa utility.
- Superintendente Jorge Carrasco

May darating na pagbabago sa ilaw bombilya

Sa 2012, ang tradisyunal na 100-wat na ilaw bombilya ay tatanggalin na bilang bahagi ng isang pederal na utos na pagtitipid sa sa enerhiya. Ang mga bagong bombilya ay humigit-kumulang 30 porsiyentong mas matipid at magbibigay ng kaparehong liwanag. Ang mga compact fluorescent light (CFLs) at light-emitting diode bulb (LEDs) ay higit na mas episyente. Kung pumili ng isang bombilya, gamitin ang bagong "Lighting Facts" na label sa pakete upang magpasya kung ano ay ang tamang bombilya para sa iyo. Narito kung paano basahin ang label:
Liwanag. Ang output ng ilaw ay sinusukat sa pamamagitan ng lumens, hindi sa watts. Kung mas mataas ang bilang ng lumens, mas maliwanag ang bombilya. Ang isang 23-wat na CFL ay nagbibigay ng parehong bilang ng lumens sa isang 100-wat na incandescent.
Enerhiyang ginagamit. Sinusukat sa sa watts ang kuryenteng kinakailangan upang bigyan ng ilaw ang produkto. Kung mas mababa ang watts, mas mababa ang enerhiyang kinukunsumo at mas mababa ang gastos ninyo.

Hitsura ng ilaw. Sinusukat ang kulay ng liwanag sa pamamagitan ng kelvins (K). Kung gusto ninyo ng ilaw na katulad sa kulay sa isang incandescent, pumili ng isang bombilya sa bandang matingkad na dulo ng spectrum, 2700K.Para sa maliwanag na puti, pumili ng isang bombilya sa pagitan ng 3000K hanggang 4000K.. Kasinliwanag ng araw, 5000K o higit pa. Bisitahin ang www.seattle.gov / twistandsave para sa mga detalye at diskuwento.

Mga Diskuwento

Ang mga residensyal na diskuwento para sa mataas pagka-episyente sa pag-iilaw, pagrecycle ng ref /freezer, mga appliance, mga heat pump water heater, at ductless na heat pump ay patuloy sa 2012. Ang mga diskuwento ay nasa pagitan ng $ 30 hanggang $1,200. May karagdagan pa sa www.seattle.gov/light/conserve o tumawag sa 206.684.3800.

Mga TV tip galing sa Tagapayo sa Enerhiya

Isaalang-alang ang mga gastos sa enerhiya bago kayo bumili ng bagong TV:

- ang 52-pulgadang LCD TV ay gumagamit ng humigit-kumulang dalawang beses na dami ng koryente kaysa isang modelong 32-pulgada.
- ang mga modelo ng LCD ay mas episyente kaysa mga plasma.
- Hanapin "Most Efficient" na label ng Energy Forward.
- Kumuha ng listahan ng mga modelo na episyente sa enerhiya at ng mga nagbebenta nito sa www.energyefficientelectronics.org.

Pagnanakaw ng koryente

Ang mga field workers ng City Light ay nagmamasid sa mga kabahayang maaaring nagbabaling ng koryente at hindi nagbabayad para dito. Hinihiling namin na maging sa mapagbantay din ang mga kustomer dahil ang problemang ito ay nakaaapekto sa inyo. Hindi lamang mapanganib ang pagnanakaw ng enerhiya para sa kapitbahayan, ito rin ay nangangahulugan na tayong lahat ay magbabayad ng mas mahal para sa kuryente. Tinatayang, bawat taon, ang utility ay nalulugi sa pagitan ng $3 milyong hanggang $ 5 milyon sa ganitong paraan. Kung may napapansin kayong metro o mga kable mula sa aming mga poste na mukhang pinakialaman, huwag lumapit, ngunit tumawag sa 206.684.3000. ang mga representante ng serbisyong pangkustomer ay maaaring maaaring pumasa ng impormasyon sa aming mga pangkat na teknikal para sa mga kuntador. Kabilang ng mga kahina-hinalang palatandaan ay mga baligtad o nasirang kuntador o kakaibang mga kable sa paligid ng mga kuntador

Ang City Light Nagtatrabaho

Nagtatrabaho ang mga pangkat ng City Light sa sumusunod na mga purok upang panatilihin ang Inyong mga ilaw:

Pioneer Square: pagtatanggal ng mga lumang kable bilang pasunod sa konstruksiyon ng 1st Ave. S. ;

- S. Washington St sa pagitan ng 2nd at 3rd Ave: paggawa ng mga bagong daluyan, lumang mga kable;.
- Blue Ridge /North Beach: pagsusubok, pag-iineksyon ng silicone sa mga nakabaong lupang mga kable upang pahabain ang kanilang buhay;

- Harrison St. at Aurora Ave. (silangan ng Seattle Center): pag-aayos ng mga vault upang mailipat ang mga pangunahing linya ng kuryente bago ang trabaho ng bore tunnel;
- Mercer St: Pagbabaon ng mga linya ng koryente bahagi ng pag-aayos ng Mercer;
-Laurelhurst (hilaga ng Webster Point): pagpapalit ng 4kV kable ng mas maaasahang 26kV.
- May karagdagang impormasyon sa www.seattle.gov/light/construction.

Ang aming mga pinagkukunan ng kuryente

Ang mga pinagkukunan ng enerhiya ng City Light ay iniuulat taun-taon ng Washington State Dept. of Community Trade and Economic Development. Narito ang mga pinakabagong impormasyon na batay sa datus ng 2010:

Hydro	87.9%
Nucleyar *	6.4%
Uling *	2.5%
Hangin	2.1%
Iba pa **	1.1%
Kabuuang	100%

* Kumakatawan ng isang bahagi ng enerhiyang binili mula sa Boneville Power Administration.
** Kasama ang natural na gas, biomass, basura, petrolyo, mga gas mula sa landfill at iba pang mga panggatong..

Mainit-init na mga tahanan sa taglamig

Ang Project Share ay tumutulong sa pagbayad ng mga bayaring kuryente para sa mga taong nangangailangan ng pansamantalang tulong. Ang isang tax-deductible na kontribusyon ay maaaring ibigay bilang isang solong donasyon, o bilang isang regular na bahagi ng iyong bayarin sa serbisyong pampubliko. Para sa mga detalye, tumawag sa 206.684.3000, o mag-ambag nang online sa www.seattle.gov/light/help/share.

Seattle City Light
www.seattle.gov/light
http://twitter.com/SEACityLight
at sa Facebook
700 Fifth Avenue, Suite 3200
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023

Mga katanungan, komentaryo o suhestyon? Tumawag sa 206.684.3000 o mag-email sa “Tell Seattle City Light” at www.seattle.gove/light.